# KUNG NAKAKAIN LANG ANG HASHTAG...

## KIM KIMBERLY DERLA

Kung nakakain lang ang hashtag, malamang walang nagkalat sa daan.
Wala kang itataboy na magulang, na kanilang anak ay pasan sa lansangan.
Kung nakakapagpakain lang ang 26 milyong tweets ng bawat mamamayan,
Hindi sana nagkaroon ng taong mangmang, walang alam, walang matutuluyan.
Kung may nabubusog lang sa bawat larawan mo sa instagram,
Wala sigurong nagugutom. Walang tiyan na kakalam. Lahat may alam.
Kung may natututunan lang sa bawat selfie sa newsfeed mo,
Wala sigurong magsasabing, "Pangit ako," "Ang taba ko," Ayaw ko sa sarili ko."
Kung sa bawat on the way mo, ay paalis ka na talaga,
Marami sana ang magpapahalaga sa oras. Marami sana ang hindi mawawala.
Kung sa bawat rant mo sa social media, ikaw ay nakapagpapasaya,
Wala sanang naaasar sa tuwing nagpapaganda ka lang.
Tila bagong salita na sa social media ang pagiging pabebe.
Dati isa itong hayop, ngayon, ito ay isa nang malaking bagay lalo na sa Facebook.
Kung hindi ka nag-aaksaya ng ilang oras sa hashtag at trending,
Magbabago ka siguro, at makakatulong nang walang ending.